Embassy of the United States of America
Manila, Philippines

IMPORMASYON PARA SA DNA TEST

Ang pamamaraang nakasaad dito ay para lamang sa mga indibidwal na nasa Pilipinas o nasa U.S.. Kapag ang magpapa-*DNA test* ay nasa labas ng Pilipinas o U.S., ang *DNA kit* ay dapat na ipadala sa *Consular Section* ng *U.S. Embassy* sa bansa kung saan sya naroon.

Dapat ipaalam sa *Consular Officer* kung ang aplikante o ang mga magulang ng aplikante ay nais magsumite ng *DNA test results*, bilang suportang dokumento sa aplikasyon para sa *derivative U.S. Citizenship* at *Consular Report of Birth Abroad*. Ang lahat ng gastusin o bayarin (tulad ng bayad sa *DNA kits*, bayad sa duktor o laboratoryo at *shipping fee*) ay sasagutin ng aplikante. Huwag mag *DNA test* hanggat hindi nirerekomenda ng *Consular Officer*. Ang *DNA test* na hindi dumaan sa proseso ng *U.S. Embassy* ay hindi tatanggapin.

Ang *U.S. Embassy* ay tumatanggap ng resulta ng *DNA test* bilang patunay ng pagiging magkadugo ng aplikante at kanyang mga magulang. Ayon sa U.S. *Department of State*, ang *DNA test* ay kailangang dumaan sa proseso ng isang laboratoryo na *accredited* ng *American Association of Blood Banks (AABB)*.

Ang *U.S. Embassy* ay hindi sapilitang nagpapagawa ng *DNA test*. Ito ay kusang-loob lamang at karaniwang nirerekomeda sa mga aplikasyon kung saan ang ebidensya ng pagiging magkadugo ay hindi sapat.

Hindi lahat ng aplikasyon ay malulutas ng *DNA test*. Sa mga kasong ang magulang na nagsasalin ng *U.S. citizenship* ay walang sapat na paninirahan sa Amerika bago ang kapanganakan ng aplikante o kaya ay kulang ang ebidensya na magpapatunay na *legitimated* ang aplikante, and *DNA test* ay hindi maaaring gamiting ebidensya.

Ang *U.S. Embassy* ay mas pabor sa pagkolekta ng *DNA specimen* sa pamamagitan ng *buccal swab (cheek or mouth cavity*). Para sa ibang pamamaraan ng pagkolekta ng *DNA specimen*, kinakailangan ng pahintulot ng *U.S. Department of State*. Asahan rin na mas matagal ang magiging proseso ng aplikasyon.

Mga Hakbang sa Proseso ng *DNA Test*

1. Ang aplikante ang pipili at direktang kokontak sa isa sa mga laboratoryo na *accredited* ng *American Association of Blood Banks (AABB)* na makikita sa *website* na http://www.aabb.org/sa/facilities/Pages/RTestAccrFac.aspx

   Pagkaraang makapili ng laboratoryo, ang aplikante ay dapat na:

   a. Mag-request ng tamang bilang ng *DNA kits*
   b. Bayaran ang *DNA kits*
   c. Ipadala ang *DNA kits* sa adres sa ibaba:

   U.S. Embassy Manila
   Consular Section- FPU
   1201 Roxas Blvd., Ermita
   1000 Manila Philippines
   ATTN: DNA- ACS

2. Kapag natanggap na ng *U.S. Embassy* ang *DNA kits*, ito ay aming ipapaalam sa *St. Lukes Extension Clinic* sa Manila. Ang *St. Luke's Extension Clinic* lamang ang *medical facility* sa Pilipinas na maaaring mag kolekta ng *DNA specimen* para sa mga aplikasyon para sa *U.S. citizenship* sa ilalim ng *U.S. Embassy*.

3. Ang *St. Luke's Extension Clinic* ang kokontak sa aplikante para sa kanilang *DNAappointment*. Ang pagkolekta ng *DNA specimen* ay gagawin sa loob ng *U.S. Embassy*.

4. Mayroong *collection fee* na 1,500 pesos na dapat direktang bayaran sa *St. Luke's Extension Clinic* bago makolekta ang *DNA specimen*.

5. Sa araw ng *DNA appointment*, lahat ng magpapa-*DNA test* ay kailangang magdala ng *valid ID*. Para sa mga *adults*, magdala ng *valid passport or valid government issued ID*. Para sa mga batang nag-aaral na, magdala ng *valid passport* o *school ID*. Para sa mga batang wala pa sa sapat na gulang upang mag-aral, magdala ng kopya ng *PSA birth certificate*.

   a. Siguraduhing nabayaran ang *collection fee*
   b. Ang mga magpapa-*DNA test* ay dapat na dumating sa *U.S. Embassy* (kung saan kokolektahin ang *DNA specimen*), 30 minuto bago ang tinakdang oras ng *appointment*.
   c. Pagkatapos makolekta ang *DNA specimen*, ito ay ipapadala ng *U.S. Embassy* pabalik sa laboratoryo kung saan nanggaling ang *DNA kits.*
   d. Ang laboratoryo ang magpapadala ng *DNA results* sa *U.S. Embassy*.
   e. Kapag natanggap na ang *DNA results*, ang *American Citizen Services* ay magpapatuloy sa pagproseso ng aplikasyon.

Gaano katagal ang proseso ng *DNA test*? Ang proseso ng *DNA test* (mula sa pag-order ng *DNA kits* hanggang sa matanggap ang *DNA results*) ay umaabot ng 6-8 linggo para makumpleto. Kapag napadala na ang *DNA kits* sa *U.S. Embassy*, maaaring abutin pa ng hanggang 10 araw bago ito ma-*clear* ng *customs and security*. Kapag natanggap na ang *DNA results*, ang mga aplikasyong may positibong resulta ay muling susuriin at maaaring abutin ng 3-5 linggo bago maisyuhan ng *Consular Report of Birth Abroad* o *U.S. passport*. Ang *U.S. Embassy* ay hindi maaaring magbigay ng kopya ng *DNA results* sa aplikante. Maaaring kontakin ang inyong napiling laboratoryo para makatanggap ng kopya ng resulta.

***Contact Information*:** Kung may katanungan na may kinalaman sa *DNA test*, sumulat sa ManilaDNA@state.gov. Para sa aplikasyon sa CRBA/ Passport, maaaring sumulat sa ACSInfoManila@state.gov o tumawag sa (632) 301 2532 sa pagitan ng 1:00 p.m. at 3:00 p.m., Lunes, Miyerkules at Huwebes (maliban sa una at ikatlong Miyerkules ng bawat buwan, at sa lahat ng *holidays* ng U.S. at ng Pilipinas).

Updated: September 2018